タガログ語

# Nabari City

# Childcare Guide

<Nilalaman>


Comprehensive Support Center sa Henerasyong Nagpapalaki ng mga Anak............... 1
Child Support Center "Kagayaki"................................................................................ 2
Family Support Center................................................................................................ 3
My Childcare Station.................................................................................................. 4
Childcare Support Center Tsukushi/Hiroba ng Komunidad/Nakayoshi Hiroba.............. 5
Mga nursery school, certified childcare center, proyekto ng municipal-level na serbisyo sa childcare, at kindergarten...................................................................... 6
Serbisyo ng Pansamantalang Pagpapaalaga, Disaster Prevention Hotto Mail.............. 7
Children Development Support Center, Education Center........................................... 8
Kapag biglang nagkakasakit sa gabi, weekend at pista opisyal..................................... 9
CPR, Pag-iwas sa shaken baby syndrome at sudden infant death syndrome............. 10
Hokenshitsu ng Komunidad........................................................................................ 11




Nabari Childcare LINE

Tungkol sa pagbabago at pagkakansela ng checkup, classroom, Hiroba, atbp., ipapaalam sa inyo sa Childcare LINE. Pakisuyong magrehistro!

Sa website ng Nabari City Office at childcare support site ng Nabari City na "Mama Friend WEB" din, makikita ang impormasyon ng serbisyo ng gobyerno ng Nabari City, pasilidad at counter may kinalaman sa pagpapalaki ng anak, atbp.

Website ng Nabari City Office

Mama Friend WEB


Nabari City Office　Welfare and Children Section　Health and Childcare Support Room

(Comprehensive Support Center sa Henerasyong Nagpapalaki ng mga Anak)

☎0595-63-6970　　FAX 0595-63-4629

Mail:　health@city.nabari.lg.jp　〒518-0492 1-1 Konodai, Nabari City



Inisyu: Marso 2022

一般財団法人 自治体国際化協会　この冊子は一般社団法人自治体国際化協会の助成事業により作成されています

# Comprehensive Support Center sa Henerasyong Nagpapalaki ng mga Anak
**(Health and Childcare Support Room ng Welfare and Child Section sa Nabari City Office 63-6970)**

## Nabari version na Neuvola at ginagawa dito

Sa Nabari City, tinatawag na "Nabari version na Neuvola" ang dako at sistema para sa tuluy-tuloy na konsultasyon at suporta mula sa panahon ng pagbubuntis, panganganak, at hanggang sa pagpapalaki sa mga anak, at ginagawa ang mga pagsisikap para maging isang lunsod na mabait sa panganganak at pagpapalaki na "Nabari".

### Konsultasyon para sa kalusugan at pagpapalaki, medikal na pagsusuri, proyekto, atbp.
***Tingnan ang website**



**<Bago magbuntis at habang nagbubuntis>**

- **Proyekto ng pagtulong sa gastusin sa itinakdang pagpapagamot sa pagkabaog, atbp.**: Para sa konsultasyon sa eksperto, tumawag sa "Consultation Center Para sa Pagkabaog ng Mie Pref. (☎059－211－0041)".
- **Classroom ng pag-iisyu ng maternal and child health handbook:** Hangga't maaari, magpa-isyu ng maternal and child health handbook hanggang sa ika-10 linggo sa pagbubuntis.
- **Karaniwang health checkup at dental checkup para sa mga buntis:** Gamit ang maternal and child health care booklet, puwede kayong tumanggap ng karaniwang health checkup para sa mga buntis nang 14 beses at dental checkup para sa mga buntis nang isang beses na gagastusan ng gobyerno habang kayo ay nagbubuntis. Sa pagbubuntis ng mahigit sa isa, puwede kayong tumanggap bilang karagdagan ng bahagyang pagtulong sa health checkup para sa mga buntis. Makakatanggap ng pagtulong na ito kahit ang mga tumanggap ng health checkup para sa mga buntis sa labas ng Mie Pref. dahil sa panganganak sa sariling probinsya, atbp. Sa kasong iyon, kailangan ninyo munang bayaran ang gastusin para sa karaniwang health checkup para sa mga buntis, ibabalik ang halagang iyon sa loob ng makukubrehan ng pagtulong na ito sa pamamagitan ng inyong pag-aaplay sa hinaharap. (Kailangan ninyong isumite ang orihinal na resibo)

**<Pagkatapos manganak>**

- **Pag-ulat ng panganganak ng sanggol na kulang sa timbang:** Kapag ang timbang ng sanggol ay mas mababa sa 2,500 gram nang ipinanganak, pakisuyong i-ulat iyon sa Health and Childcare Room. Dadalawin kayo ng nurse, atbp., at ibibigay sa inyo ang kinakailangang impormasyon at gagawin ang konsultasyon (pagdalaw sa sanggol na kulang sa buwan).
- **Pagpapagamot para sa pagpapalaki sa sanggol na kulang sa buwan:** Para sa sanggol na kulang sa buwan na ang timbang niya nang ipinanganak ay 2,000 gram pababa at mas mahina ang buhay niya, at kapag hiniling ng doctor na i-ospital siya, ibibigay para sa kaniya ang halaga ng pagpapagamot na iyon (bahagi na makukubrehan ng health insurance). Ang ilang bahagi nito ay kukubrehan sa sariling gastos.
- **Konsultasyon sa telepono sa lahat ng bahay sa ikalawang linggo pagkatapos manganak:** Tatawag sa lahat ng bahay ng nagsumite ng ulat ng panganganak ang nurse at midwife para tiyakin ang kalagayan ng kalusugan, kung may problema, atbp.
- **Medical checkup para sa nanay na nanganak:** Matatanggap ang tulong para sa medical checkup para sa nanay na nanganak 2 linggo at 1 buwan pagkatapos ng panganganak.
- **Proyekto para sa pagpapasuso:** Matatanggap ang tulong para sa konsultasyon may kinalaman sa pagpapasuso sa sanggol at pag-aalaga sa suso na gagawin ng midwife. Sa liham, ibibigay sa inyo ang impormasyon nito.
- **Konsultasyon may kinalaman sa pagpapasuso sa sanggol at pagpapalaki na gagawin ng midwife:** Isinasagawa sa Biyernes sa health center ang pribadong konsultasyon na kailangan ng patiunang pagpapareserba. Ito ay para sa taong may sanggol na 6 buwan pagkatapos ng panganganak.
- **Pag-aalaga sa nanay pagkatapos manganak at sa sanggol nang may pagtulog sa pasilidad:** Kasama ng pagtulog sa obstetric medical institution na pinagkakalooban ng Nabari City, gagawin ang pag-aalaga sa mental at pisikal ng nanay pagkatapos manganak at ang pagsuporta sa pagpapalaki, atbp.
- **Hello Baby na pagdalaw:** Dadalawin ng punong opisyal para sa child welfare ang lahat ng bahay na may sanggol, ibibigay ang impormasyon may kinalaman sa pagsuporta sa pagpapalaki sa komunidad, at ibibigay din ang mga tanong para sa pagpapabakuna.
- **Pagpapabakuna:** Pakisuyong gumawa ng iskedyul ng pagpapabakuna habang kumokonsulta sa inyong doctor.
- **Konsultasyon may kinalaman sa kalusugan ng sanggol:** Minsan sa isang buwan sa health center, ginagawa ang pagsukat sa katawan, konsultasyon may kinalaman sa kalusugan na ginagawa ng nurse at midwife, at konsultasyon may kinalaman sa sustansiya na ginagawa ng nutritionist.
- **Classroom ng baby food:** Isinasagawa ito nang minsan sa isang buwan sa health center. (Kailangan ng patiunang pagpapareserba)
- **Medical checkup sa sanggol 4 buwan pagkatapos ipinanganak at 10 buwan pagkatapos ipinanganak:** Kumonsulta na dala ang maternal and child health handbook at maternal and child health care booklet. Matatanggap ito sa medical institution sa Mie Pref.
- **Medical checkup sa bata 1 taon at 6 buwan pagkatapos ipinanganak at 3 taon at 6 buwan pagkatapos ipinanganak:** Isasagawa ito sa medical center. Patiunang ipapadala sa koreo ang impormasyon.
- **Medical checkup sa batang 5 anyos**: Isasagawa ito sa bawat kindergarten, childcare center, at sa certified childcare center para sa mga batang 5 anyos.

# Nabari City Child Support Center "Kagayaki"

Isinasagawa sa "Kagayaki" ang pakikipagsamahan sa panahon ng pagpapalaki sa mga sanggol, konsultasyon sa pagpapalaki, at pagbibigay ng impormasyon. Inilalaan nito ang dako para maglaro ng toys, magbasa ng aklat, at magkaroon ng relaks na panahon bilang magulang at anak. Puwede kayong maglaro din sa playground. Malayang magagamit ito ng mga batang 0 - 18 anyos at kanilang mga magulang, lolo't lola kahit kailan sa panahon na bukas ito. Hindi kailangan ng pagpapareserba. Malayang pumasyal dito. (Para sa mga nakatira sa Nabari City)



<Pangunahing proyekto ng Kagayaki>

| | |
|---|---|
| Paglalaan ng dako para sa pakikipagsamahan ng magulang at anak, kapuwa mga anak, kapuwa mga magulang | Isagawa ang kurso at diskurso may kinalaman sa pagpapalaki |
| Konsultasyon may kinalaman sa pagpapalaki at pagsuporta sa pagpapalaki | Pamamahagi at paglalaan ng impormasyon may kinalaman sa pagpapalaki at pagsuporta sa pagpapalaki |
| Pakikipag-ugnayan at pag-aadjust ng proyekto ng pansamantalang pagpapaalaga | Pagtataguyod ng proyekto ng family support center |
| Pagsasanay at pagsuporta sa mga grupo ng pagpapalaki sa mga anak at sa mga hiroba sa komunidad | Pagsasanay sa mga supporter sa pagpapalaki sa Nabari City, at sa mga volunteer na susuporta sa pagpapalaki |

**Konsultasyon may kinalaman sa pagpapalaki**



Puwedeng kumonsulta tungkol sa pagpapalaki.
Ginagawa din ang konsultasyon sa telepono.

**Internasyonal na samahan** (Ikalawang Huwebes sa bawat buwan 10:45-11:30 a.m.)

Ito ang dako para makipagsamahan ang mga magulang na may asawa na iba ang lahi o galing sa ibang bansa na nagpapalaki ng mga anak.

- Hajimete Hiroba
- Konsultasyon may kinalaman sa kalusugan
- Pagsukat sa katawan
- Classroom ng ligtas na pagpapalaki at pagpapasuso
- Paglalaro nang magkakasama
- Konnichiwa Hiroba
- Samahan ng Guri at Gura
- Sata-Papa Hiroba
- Maglaro bilang magulang at anak
- Panahon ng pagbabasa ng aklat
- Maglaro gamit ang pasenyas
- Birthday party
- Maglaro gamit ang English







※Tungkol sa araw at oras kung kailan isasagawa ang mga ito, pakisuyong tingnan ang Kagayaki newsletter at website ng Nabari City, o magtanong sa Kagayaki.

Kagayaki

**Contact Information**


**〒518-0643　　3-3-107 Kikyogaoka Nishi, Nabari City**

**Nabari City Child Support Center "Kagayaki"**

**☎ 67-0250　　FAX 66-5650**

Mga araw at oras na bukas: Martes - Sabado, 9:30 a.m. - 5:00 p.m.

Sarado: Linggo, Lunes, pista opisyal (Kapag pista opisyal o kapalit na pista opisyal ang Lunes, sarado din sa susunod na araw), at katapusan at pasimula ng taon (Dec. 29-Jan. 3)



# Family Support Center

Ang Family Support Center ay isang organisasyon na ang mga gustong tumanggap ng suporta sa pagpapalaki (miyembro na nagpapatulong) at ang mga gustong sumuporta sa pagpapalaki (miyembro na tumutulong) ay magiging miyembro nito para magtulungan sa isa't isa sa pagpapalaki.

## ✿ Detalye ng pagsuporta ✿

- Paghatid-sundo sa nursery school, kindergarten, atbp.
- Pagpapaalaga ng anak bago at pagkatapos ng oras ng nursery school, kindergarten, atbp.
- Pagpapaalaga ng anak pagkatapos ng oras ng eskuwela at after-school na childcare club
- Pagpapaalaga ng anak sa iba pang panahon na may sakit at emerhensiyang lakad ang mga magulang at guardian
- Pagpapaalaga ng anak kapag may emerhensiyang lakad sa mismong araw (※)
- Pagpapaalaga ng anak habang siya ay may kaunting sakit o habang gumagaling (※)
- Pagpapatuloy ng anak dahil walang magbabantay sa anak sa gabi, atbp. (※)

Proyekto ito na puwedeng pansamantalang magpaalaga ng anak sa mga kalagayan sa itaas.

Kailangan ng pagpaparehistro para gamitin ang serbisyong ito.

<Ang mga nilalagyan ng ※ ay para sa emerhensiyang pagsuporta. May panahon na hindi available ang mga iyon sa kabila ng inyong paghiling. >

### Kailangan ng patiunang pagpaparehistro

Para magparehistro bilang miyembro na nagpapatulong
Sumali sa
"Meeting Tungkol sa Family Support Center"
(Kailangan ng pagpapareserba)
Ikatlong Sabado sa bawat buwan
(10:00 - 11:00)

<Mga kailangang dalhin para sa pagpaparehistro>

●Mga larawan: tig-isang 4×3 cm at 3×2.5 cm

## ✿ Oras ng paggamit at halaga nito ✿ (sa Abril 1, 2022)


| | | Pag-aaplay hanggang sa isang araw bago | Pag-aaplay sa mismong araw |
|---|---|---|---|
| Weekday | 7:00 a.m. - 8:00 p.m. | 720 yen/1H | 1,000 yen/1H |
| | 8:00 p.m. - 10:00 p.m. | 840 yen/1H | 1,200 yen/1H |
| | Sa ibang oras (bilang pagtuloy) | 5,000 yen/1 beses | 5,000 yen/1 beses |
| Sabado, Linggo, at pista opisyal (Kasali dito ang katapusan at pasimula ng taon) | 7:00 a.m. - 8:00 p.m. | 840 yen/1H | 1,200 yen/1H |
| | 8:00 p.m. - 10:00 p.m. | 960 yen/1H | 1,200 yen/1H |
| | Sa ibang oras (bilang pagtuloy) | 5,000 yen/1 beses | 5,000 yen/1 beses |
| Pagtuloy | 10:00 p.m. - 7:00 a.m sa susunod na araw | 5,000 yen/1 beses | 5,000 yen/1 beses |

※Halaga ng pagkakansela:
●Ikakansela hanggang sa isang araw bago nito: Walang bayad
●Ikakansela sa mismong araw: Kalahati ng halaga
●Ikakansela na hindi nagpaalam: Buong halaga

※Bayad sa pagpaparehistro at bilang miyembro: Walang bayad

※Para sa magkakapatid, magiging kalahati ang halaga sa parehong gawain mula sa ikalawang tao

## Sistema ng Family Support Center




### ✿ Miyembro na nagpapatulong ✿

Mga taong nakatira o nagtatrabaho sa Nabari City na kadalasang may mga anak na emelentary shool student o mas maliit

※Puwedeng sabay maging miyembro na tumutulong at miyembro na nagpapatulong (miyembro na kapuwa tumutulong at nagpapatulong)

### ✿ Miyembro na tumutulong ✿

- Mga taong nakatira sa Nabari City at gustong sumuporta sa pagpapalaki
- Mga taong mahilig sa bata at gustong sumali sa mga gawain ng komunidad

※Kailangang tumanggap ng pagsasanay sa mga supporter sa pagpapalaki sa Nabari City

Contact Information

**Nabari City Child Support Center (sa loob ng Child Support Center "Kagayaki")**

**〒518-0643 3-3-107 Kikyogaoka Nishi, Nabari City**

**☎66-3915 FAX 66-5650**

Mga araw at oras na bukas: Martes - Sabado 9:30 a.m. - 5:00 p.m.

(Pero, kapag pista opisyal o kapalit na pista opisyal ang Lunes, sarado sa susunod na araw. Sarado din sa Dec. 29 - Jan. 3.)

# Nabari City My Childcare Station



Para maalis ang takot sa pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki, tutulungan namin kayo na magpalaki ng inyong anak na walang takot sa pamamagitan ng pagkokonsulta sa guro ng nursery school, atbp.

## Ano ang "My Childcare Station"?

Sa pagpaparehistro ng mga buntis at magulang at guardian na nagpapalaki ng anak sa "My Childcare Station" sa kalapit na nursery school at certified childcare center, matatanggap ninyo ang suporta may kinalaman sa panahon ng pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki. Mayroon ding masasayang event.

**Bilang espesipiko,**

- puwedeng kumonsulta sa guro ng nursery school at certified childcare center tungkol sa takot at kabalisahan sa panganganak at pagpapalaki.
- puwedeng sumali o mag-obserba sa ilang event ng nursery school at certified childcare center.
- puwedeng sumali sa kurso ng pagpapalaki, atbp.
- puwedeng maglaro ng toys at makipagsamahan bilang magulang at anak.
- puwedeng gumamit ng "libreng trial ng pagpapaalaga" kung saan mararanasan nang libre ang pansamantalang pagpapaalaga nang kalahating araw. (Minsan sa isang taon)

**[Sino ang puwedeng gumamit] Mga buntis, anak na hindi pa nakapasok sa nursery school, at magulang at guardian nito na nakatira sa Nabari City**

**[Oras na puwedeng gumamit] Weekdays 9:00 a.m. - 4:00 p.m. (Sarado sa Sabado, Linggo, pista opisyal, at katapusan at pasimula ng taon)**



## Paano puwedeng gumamit ng "My Childcare Station"? Ano ang "libreng trial ng pagpapaalaga"?


Para gumamit, kailangan ng pagpaparehistro (libre ang pagpaparehistro at hindi kailangan ang stamp).
Bagaman puwede ding magparehistro sa 2 o higit pa, kailangan ang pagpaparehistro sa bawat station.
Para sa mga batang 1 anyos o higit pa na hindi pa nakapasok sa nursery school ang "libreng trial ng pagpapaalaga".
Pakisuyong isumite sa My Childcare Station na ipinarehistro ang "Application sa paggamit ng libreng trial ng pagpapaalaga"
3 araw bago ng araw na gusto ninyong gamitin. Minsan lang sa isang taon na ipinarehistro (hanggang sa huling araw ng Pebrero) ang libreng paggamit nito.

**Contact**


| | |
|---|---|
| **Akame Childcare Center My Childcare Station Ohisama** | **☎63-2805** |
| **Showa Nursery Shool My Childcare Station Kazamidori** | **☎63-1767** |
| **Mihata Nijinooka Childcare Center My Childcare Station Nanairo** | **☎65-3065** |
| **Nabari City Office Welfare and Children Section Childcare and Kindergarten Room** | **☎63-7919** |

My Childcare Station


**Akame Childcare Center**
**(448-3 Alamecho Dan)**
**My Childcare Station Ohisama**




**Showa Nursery School**
**(67-10 Marunouchi)**
**My Childcare Station Kazamidori**




**Mihata Nijinooka Childcare Center**
**(1005 Shinden)**
**My Childcare Station Nanairo**




## Relax Space＊ para sa mga nanay pagkatapos manganak

**Bubuksan ito sa katabi ng kuwarto ng "Akame My Childcare Station" sa 10:00 a.m. - 3:00 p.m. ng Lunes bawat linggo (maliban sa pista opisyal).**



Ang space na ito ay para sa mga sanggol at nanay, kahit sa mga buntis at kapapanganak na mga nanay.
Puwede kayong kumonsulta sa midwife tungkol sa kalusugan ng sanggol at nanay, at sa pagpapalaki.
Puwede kayong humiga para magpahinga nang buong araw.
<Mga kailangang dalhin> Maternal and Child Health Handbook, bathtowel (para sa pagtulog ng sanggol) ＊Magagamit dito ang hot water para sa gatas.

Contact Information **Akame Childcare Center My Childcare Station Ohisama ☎63-2805 Nabari City Office Health and Childcare Support Room ☎63-6970**

# Childcare Support Center Tsukushi/Hiroba ng Komunidad/Nakayoshi Hiroba



## Childcare Support Center Tsukushi

Para sa masayang pagpapalaki, buong pagsisikap na susuportahan kayo ng mga nurse (doctor) at guro ng nursery school. Walang bayad sa paggamit nito.
[Mga ginagawa] Konsultasyon sa telepono at interbyu, Tsukushi Hiroba, Wakaba Classroom, Himawari Classroom, Touch Care Workshop
Tungkol sa detalye, tingnan ang website ng Childcare Support Center Tsukushi (sa loob ng Kato Pediatrics Clinic).
[Contact Information] Childcare Support Center Tsukushi: 5-2-48 Kikyogaoka ☎ 65-5337, 65-5311

Tsukushi

## Listahan ng mga Hiroba ng Komunidad

**Nabari City Child Support Center "Kagayaki"**

| Area | Konodai, Kiodai | Shorenji, Yurigaoka | | |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Hiroba | Kirakira Hiroba | Yurigaoka Tsudoi no Hiroba | Skip Hiroba | Yukoyuko Oyako Salon |
| Lugar | Chuo Yumezukurikan (2F ng Disaster Prevention Center) | Yurigaoka Higashi No. 3 Meeting Place | Yurigaoka Civic Center | Hureai Salon Yukoyuko |
| Bayad | Libre | Libre | Libre | Libre |
| Limitasyon ng area | Libre | Libre | Libre | **Limitado sa Yurigaoka area** |

| Area | Akame | Umegaoka | Takinohara | Satsukidai |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Hiroba | Nintama Hiroba | Waiwai Oyako no Hiroba | Himawarikko Hiroba | Satsukikko Hiroba |
| Lugar | Akame Civic Center | Umegaoka Civic Center | Takinohara Public Hall | Satsukidai No. 2 Meeting Place |
| Bayad | Libre | Libre | Libre | Libre |
| Limitasyon ng area | Libre | Libre | Libre | Libre |

| Area | Kuramochi | Mihata | Kikyogaoka | Nabari |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Hiroba | Kurakko Hiroba | Mihatakko | Kikyo Nakayoshi Hiroba | Maya Nikoniko Hiroba |
| Lugar | Kuramochi Civic Center | Mihata Civic Center | Kikyogaoka Civic Center | Myotenji Hall (Honmachi) |
| Bayad | Libre | Libre | Libre | Libre |
| Limitasyon ng area | **May limitasyon ng area para sa isang beses sa dalawa** | **Limitado sa Mihata area** | Libre | Libre |

| Area | Suzurandai | | Minowa | Tsutsujigaoka |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Hiroba | Suzurandai Nakayoshi Hiroba | Suzurandai Chibikko Club | Minowa Momochan Hiroba | Oyamaru Hiroba |
| Lugar | Suzurandai Civic Center | Suzurandai Higashi Meeting Place | Minowa Civic Center | Tsutsujigaoka Civic Center |
| Bayad | Libre | Libre | Libre | Libre |
| Limitasyon ng area | Libre | Libre | **Limitado sa Minowa area** | Libre |

※Tungkol sa araw at oras kung kailan bukas ang mga ito, pakisuyong tingnan ang "Kagayaki newsletter" na iniisyu bawat buwan o ang website.
※Bukod pa sa mga ito, mayroon ding iba't ibang lugar at event depende sa area, gaya ng mga salon kung saan puwedeng dalawin ng mga magulang at anak.
Tingnan din ang impormasyon sa komunidad.

Kagayaki newsletter

## Mga nursery school, kindergarten, at certified childcare center na nagsasagawa ng Nakayoshi Hiroba

Oyado Childcare Center, Komohara Childcare Center, Nishikio Childcare Center, Minowa Nursery School, Nabari Nishi Nursery School, Nishitawara Nursery School, Kikyogaoka Nursery School, Kuramochi Childcare Center, Hinachi Nursery School, Takinohara Nursery School, Fukinomori Childcare Center, Nabari Kindergarten (Nakayoshi Hiroba), Certified Childcare Center Nabari Yosami Kindergarten (Pikochan Room), Umegaoka Kindergarten (Nikoniko Hiroba), Certified Childcare Center Tsutsujigaoka Kindergarten (Nakayoshi Hiroba), Tsutsujigaoka Kindergarten

## Mga nursery school, certified childcare center, proyekto ng municipal-level na serbisyo sa childcare, at kindergarten

Kung gusto ninyong gumamit ng pasilidad ng childcare, atbp., kailangan ninyong tumanggap ng "pahintulot" depende sa pangangailangan ng edukasyon at pagpapaalaga.

| Kategorya ng pahintulot | Nilalaman ng ibibigay | Taong kuwalipikado | Pasilidad at proyektong magagamit |
|---|---|---|---|
| **Kategorya 1** | Karaniwang oras para sa edukasyon | Batang 3 anyos pataas na gustong paaralin<br>※Hindi magagamit para sa pagpapaalaga | Kindergarten<br>Certified Childcare Center (bahagi ng kindergarten) |
| **Kategorya 2** | Maikling oras para sa edukasyon<br>Karaniwang oras para sa pagpapaalaga | Batang 3 anyos pataas na kuwalipikado sa mga dahilan na kinakailangan ang pagpapaalaga, at puwedeng paalagaan | Childcare Center<br>Certified Childcare Center (bahagi ng childcare center) |
| **Kategorya 3** | Maikling oras para sa edukasyon<br>Karaniwang oras para sa pagpapaalaga | Batang wala sa 3 anyos na kuwalipikado sa mga dahilan na kinakailangan ang pagpapaalaga, at puwedeng paalagaan | **Nursery school, municipal-level na serbisyo sa childcare**<br>Certified Childcare Center (bahagi ng childcare center) |

**[Halaga ng pagpapaalaga]**
Ipapasiya ang halaga nito batay sa kalagayan ng pagbubuwis ng municipal tax sa mga magulang o taong may obligasyon na mag-alaga.

Halaga ng pagpapaalaga

**[Proyekto ng Ikatlong Anak ng Nabari City]**
Isinasagawa ng Nabari City ang pagpapalibre ng halaga ng pagpapaalaga o halaga ng pangalawahing pagkain (mga ulam) ng ikatlong anak at kasunod nito, para mabawasan ang pabigat sa pinansyal ng mga sambahayan na may maraming anak. Sa mga anak na hindi pa tapos ang pag-aaral sa senior high school na inaalagaan ng mga magulang at guardian (hanggang sa unang petsa na Marso 31 pagkatapos ng araw ng kapanganakan na maging 18 anyos), kapag gagamitin ninyo ang pagpapaalaga para sa ikatlong anak at kasunod nito, magiging libre ang halaga ng pagpapaalaga o halaga ng pangalawahing pagkain (mga ulam). Kung kuwalipikado kayo, kailangan ninyo ang pag-aaplay.

**[Pagpapalibre ng edukasyon at pagpapaalaga sa mga sanggol]**
Batay sa kahalagahan ng edukasyon sa mga sanggol na magiging basehan sa paghubog sa pagkatao sa buong buhay, at mga hakbang laban sa pag-unti ng mga anak ukol sa pagbabawas ng pabigat sa gastusin sa pagpapalaki at edukasyon, isinasagawa ang pagpapalibre ng edukasyon at pagpapaalaga sa mga sanggol para sa mga batang 3-5 anyos, at mga batang 0-2 anyos sa sambahayan na hindi sinisingil ng municipal tax.
(Para sa mga bata na pumapasok sa private na kindergarten, maaaring singilin ang bahagyang gastusin.)

Pagpapalibre ng edukasyon at pagpapaalaga sa mga sanggol



### Paggamit ng nursery school・ municipal-level na serbisyo sa childcare

- Gustong magsimula sa Abril: Tatanggapin ang application sa mga Oktubre bawat taon. Isumite sa pasilidad na pinakagusto ninyo ang kinakailangang mga dokumento bago ng deadline. Ipapasiya ng Nabari City kung sino ang makakagamit.
- Gustong magsimula sa gitna ng school year: Mula sa 2 buwan bago ng petsa na gusto ninyong magsimula, puwedeng magparehistro sa waiting list sa Childcare and Kindergarten Room ng City Office. Puwedeng mag-aplay dito ang isa na pagkakatiwalaan ninyo.

Pag-aaplay sa serbisyo sa childcare

✿Ang taong kumukuha ng bakasyon para sa pagpapalaki ay puwedeng magpareserba para sa panahon kung kailan tapos na ang bakasyon.

### Paggamit ng certified childcare center

Para sa mga bata na nasa Kategorya 1, puwede kayong mag-aplay sa mismong pasilidad. Para sa mga bata na nasa Kategorya 2 at 3, gagawin ninyo ang proseso na pareho sa pag-aaplay sa nursery school, municipal-level na serbisyo sa childcare.
Tungkol sa pag-aaplay sa certified childcare center ng mga bata na nasa Kategorya 1, pakisuyong magtanong sa bawat pasilidad.

### Paggamit ng kindergarten

Puwede kayong mag-aplay sa mismong kindergarten na gusto ninyong papasukin. Gagawin ng bawat kindergarten ang pagpapasiya kung sinu-sino ang makakapasok.

Listahan ng mga pasilidad at serbisyo sa childcare

# Serbisyo ng Pansamantalang Pagpapaalaga

## 1. Paraan ng Pag-aaplay

① Pagkatapos tumawag at tiyakin sa childcare center at certified childcare center na gusto ninyo, mag-aplay sa pasilidad na iyon.

② Pakisuyong tapusin ang pag-aaplay mga 3 araw bago ng araw na gusto ninyong magpaalaga. May bisa sa loob ng isang buwan ang bawat application. (Dahil may interbyu para sa pasilidad na gagamitin sa unang pagkakataon, pumunta sa pag-aaplay kasama ng inyong mga anak.

※Pakisuyong tandaan na maaaring hindi available ang childcare center at certified childcare center na gusto ninyo.

※Kung kailangan ninyong komunsulta sa nutritionist at nurse dahil sa alergy sa pagkain o namamalaging sakit, maaaring kunin ang ilang araw hanggang sa paggamit.

## 2. Mga Batang Kuwalipikado

Kuwalipikado ang mga batang 6 buwan pataas. Pero, pakisuyong magtanong sa bawat pasilidad dahil maaaring iba't iba ang mga batang tinatanggap ng mga iyon.

## 3. Oras ng Paggamit

Weekdays 8:30 a.m. - 4:30 p.m. (Para sa Sabado, magtanong sa panahon ng interbyu.)

Paggamit sa umaga: 8:30 a.m. - 12:30 p.m.  Paggamit sa hapon: 12:30 - 4:30 p.m.

(Kadalasan, magagamit ninyo ang mga pasilidad sa weekdays. At ang oras ng paggamit sa Sabado ay 8:30 a.m. - 1:00 p.m.)

## 4. Bilang ng Araw ng Paggamit at Bayad

| Dahilan ng pag-aaplay | Bilang ng araw ng paggamit at bayad |
|---|---|
| Dahil sa istilo ng pagtatrabaho at pag-aaral ng mga magulang at guardian, magiging mahirap paminsan-minsan ang pag-aalaga sa mga bata | 3 beses sa 1 linggo |
| Dahil sa makatuwirang kalagayan gaya ng pagkakasakit, pag-oospital, sakuna, aksidente, panganganak, pag-aalaga sa iba, at kasal at libing ng mga magulang at guardian, kailangan ang emerhensiya at pansamantalang pagpapaalaga ng mga bata | Mga araw na pinayagan ng pinuno ng pasilidad |
| Dahil sa personal na pangangailangan ng mga magulang at guardian na bawasan ang mental at pisikal na pabigat na kaakibat ng pag-aalaga, o sa iba pang dahilan, kailangan ang pagpapaalaga ng mga bata | 15 beses sa 1 buwan |

| Edad | Bayad sa paggamit nang 1 araw | Bayad sa paggamit nang kalahating araw |
|---|---|---|
| 0, 1, 2 anyos | 2,400 yen | 1,400 yen |
| 3, 4, 5 anyos | 1,800 yen | 1,000 yen |

＊Edad sa Abril 1 ng school year

0 anyos na bata ay dapat lumampas sa buong 6 buwan

**Pakisuyong mag-aplay sa bawat childcare center at certified childcare center.**

Serbisyo ng Pansamantalang Pagpapaalaga

**Contact Information**

**Childcare and Kindergarten Room** ☎**63-7919**

**Child Support Center "Kagayaki"** ☎**67-0250** **FAX 66-5650**

# Disaster Prevention Hotto Mail (libre ang pagrehistro)

Sa pagrehistro sa inyong mobile phone, makakatanggap kayo ng impormasyon para sa pag-iwas sa sakuna at sa mga krimen.

Kung may tanong, tumawag sa Crisis Management Office ng Nabari City Office (TEL: 63-7271)

Disaster Prevention Hotto Mail

## Nabari City Children Development Support Center (3F ng Nabari City Children Center)

Institusyon ito na komprehensibong sumusuporta sa paglaki ng mga batang 0 - 18 anyos.
Makikipagtulungan ito sa city office, medikal na institusyon, ekspertong institusyon, Hokenshitsu ng Komunidad, komunidad, at iba pang institusyon na may kaugnayan, para suportahan ang maayos na paglaki at pagpapalaki.

**<Pangunahing serbisyo>**

**Serbisyo ng konsultasyon (Konsultasyon para sa unang bahagi)**

Available ang konsultasyon para sa kapamilya na nag-aalala sa paglaki ng bata. Makikipag-ugnayan ito sa checkup, kindergarten, at nursery school ukol sa pagsuporta sa medikal, rehabilitasyon, atbp. depende sa kanilang kagustuhan.

**Classroom ng pagsuporta sa paglaki**

Sa mga magulang at anak na kumonsulta tungkol sa pagpapalaki at paglaki, ibibigay nito ang mga mungkahi may kinalaman sa pakikitungo sa anak sa pamamagitan ng paglalaro ukol sa kinakailangang pagsuporta.

**Pagsasagawa ng serbisyo ng medical checkup para sa 5 anyos na bata**

Isinasagawa ito sa lahat ng sanggol na magiging 5 anyos.
Titingnan dito kung saan nahihirapan ang mga magulang at guardian sa pagpapalaki at kung saan naman nahihirapan ang anak sa pakikihalubulo sa iba, ukol sa kinakailangang pagsuporta.

**Serbisyo ng espesyal na pagsuporta sa bawat sanggol**

Para sa sanggol na may potensyal na problema sa paglaki, gagawin ang plano ng pagsuporta sa ilalim ng pagsang-ayon ng mga magulang at guardian, at gagawin ang pagsuporta. Makikipag-ugnayan sa mga institusyong may kaugnayan at gagawin ang maayos na pagsuporta para sa pag-aaral.

**Makakakonsulta kayo sa mga nurse, psychologist, titser, at guro ng nursery school.**

Halimbawa Ganito

- Mabagal magsalita
- Madaling matakot kapag nasa lugar na hindi sanay
- Tantrums at panic
- Hindi puwedeng manatiling tahimik
- Hindi marunong gumamit ng mga daliri, hindi maganda ang paraan ng paglakad at pagtakbo
- Mas mahilig maglaro nang nag-iisa kaysa sa maglaro kasama ng kaibigan
- May sariling mundo
- Hindi marunong "magbasa", "sumulat", at "magkuwenta"
- Masyadong sensitibo sa tunog, amoy, at lasa



## Nabari City Education Center (1F ng Nabari City Children Center)

**<Pangunahing serbisyo>**

**Konsultasyon tungkol sa anumang bagay sa edukasyon**

**Education center**
**Tel: 64-8801**

**Konsultasyon tungkol sa anak na ayaw pumasok**

**Special education class para sa mga batang may kapansanan (Sakura Classroom)**
**Tel: 63-7830**

- Pagsuporta sa paglaki at pag-aaral ng mga bata
- Pagsuporta sa mga guro
- Pagkuha at paglalaan ng impormasyon at reperensiya ng edukasyon
- Surbey at pagsasaliksik may kinalaman sa edukasyon
- Pagsuporta sa pakikipag-ugnayan ng mga eskuwela at komunidad (Pagsuporta sa mga magulang at guardian)


**Contact Information**

## Nabari City Children Center

〒518-0685　5-25 Yurigaoka Nishi, Nabari City
[Pinakamalapit na bus stop 🚌　Yurigaoka 5-bancho]

Children Development Support Center (3F ng Children Center)
☎62-1088　FAX 62-1089

Education Center (1F ng Children Center)
☎64-8801　FAX 64-8802



## Kapag biglang nagkakasakit sa gabi, weekend at pista opisyal (Taong wala pa sa 15 anyos)

**Tungkol sa pagpapatingin ng inyong mga anak sa internal medicine clinic (lagnat, ubo, sipon, pagsuka, sakit sa tiyan, atbp.) sa gabi, weekend at pista opisyal, puwede kayong magpatingin nang direkta bilang emergency outpatient sa Nabari City Hospital, bukod pa sa Nabari City Emergency Clinic.**



Taong gustong magpatingin

① Tumawag para magpatingin (telepono)
② Pagdalaw sa ospital

**Kung maliban sa pagpapasakay sa ambulansiya, siguraduhing tumawag dito nang patiuna.**
**Nabari City Hospital ☎ 0595-61-1100**



Internal medicine (Lagnat, ubo, sipon, pagsuka, sakit sa tiyan, atbp.)

- Nabari City Hospital — 1-178 Yurigaoka Nishi, Nabari City, TEL: 0595- 61-1100
- o
- Nabari City Emergency Clinic — 1361-4 Asahicho, Nabari City, TEL: 0595-63-3913

Kapag nagpatingin kayo bilang emergency outpatient sa Nabari City Hospital, kahit pumunta doon sa sariling sasakyan, hindi kayo sisingilin ng dagdag na halaga para sa outpatient na walang referral mula sa ibang ospital.

Surgical (Sugat, aksidente sa sasakyan, atbp.)

- Emergency Medical Information Center — 2-191 Sakurabashi, Tsu City, TEL: 059-229-1199
- Inyong doctor
- Mga mergency hospital na in-charge ayon sa itinakdang pagkakasunod-sunod

Tiyakin sa website, atbp. ang araw at oras na bukas ang medikal na institusyon, at tumawag.

## Nabari City Emergency Clinic (1361-4 Asahicho) (Pangunahing emerhensiyang medikal na institusyon)

**～Gamitin ito kapag nag-aalala kayo sa kalagayan kahit mukhang hindi kailangang tawagin ang ambulansiya～**

### Departamento: Internal medicine at pediatrics ☎0595-63-3913 ※Tiyakin sa telepono ang tungkol sa ibang departamento.

- Layunin nito ang first aid na pagpapagamot at pagbibigay ng gamot. Sa susunod na araw o pagkatapos ng weekend o pista opisyal, siguraduhing magpatingin sa inyong doctor.
- Kung kailangan ninyo ng mas detalyadong pagsusuri at pagpapaospital sa pamamagitan ng pagtingin ng doctor, papupuntahin kayo sa pangalawahing emerhensiyang medikal na institusyon kasama ng referral letter.
- Mga kailangang dalhin: Health insurance card, bayad para sa pagpapatingin, bawat medical care certificate (kung mayroon), medication record, atbp.

**※Oras na tinatanggap ang mga pasyente: Hanggang sa 30 minuto bago magtapos ang oras ng pagpapatingin sa bawat clinic**

Mapa ng mga pasilidad (Emergency clinic)

| | | |
|---|---|---|
| Oras para sa pagpapatingin | **Lunes - Sabado** | **8:00 p.m. - 11:00 p.m.** |
| | **Linggo, pista opisyal, at katapusan at pasimula ng taon (Dec. 30 -Jan. 3)** | **9:00 a.m. - 12:00 p.m., 3:00 - 5:00 p.m., 8:00 - 11:00 p.m.** |

## Sistema ng emerhensiyang pagpapagamot sa "internal medicine dept." ng Nabari City Hospital ☎0595-61-1100

Sa "internal medicine dept." ng Nabari City Hospital, bukas ang "Children's Emergency Medical Center", at tinatanggap nito ang mga pasyente sa pangalawahing emerhensiya nang 24 oras sa 365 araw.
Tinatanggap dito ang malulubhang pasyente maliban sa mga taong may surgical na sakit dahil sa pagkakasugat, aksidente, atbp. Pero, sa gabi, weekend, at pista opisyal, tinatanggap din dito ang mga bata (wala pa sa 15 anyos) na may internal na sakit. Pakisuyong patiunang kumontak dito.

## Kung may problema sa pangangatawan sa gabi, tumawag sa Mie Children's Medical Dial ☎#8000

※Kapag hindi puwedeng tumawag sa numero sa itaas dahil sa dial phone, Hikari Denwa, IP phone, atbp., tumawag sa ☎059-232-9955

**Oras para sa pagkokonsulta: 7:30 p.m. - 8:00 a.m. araw araw**

Sa Mie Children's Medical Dial, isinasagawa ng medikal na ekspertong mga tagapayo ang konsultasyon sa telepono may kinalaman sa sakit, gamot, at aksidente ng mga batang wala pa sa 18 anyos. ※Pananatilihing kompedensyal ang nilalaman ng konsultasyon. Malayang kumonsulta dito.

## Ibibigay ang impormasyon ng medikal na mga institusyon kung saan puwedeng magpatingin nang 24 oras
## Mie Emergency Medical Information Center Call Center ☎059-229-1199

Bago magpatingin, siguraduhing tumawag nang patiuna sa medikal na institusyon na binanggit sa inyo.
Maaaring ibigay sa inyo ang impormasyon ng pinansyal na institusyon na nasa labas ng Nabari City.

# CPR, pag-iwas sa shaken baby syndrome at sudden infant death syndrome

Mahalaga sa CPR na i-press ang mga buto sa dibdib at artificial respiration.
Pagkilos nang may katapangan ang magliligtas-buhay.
Kapag mukhang kakaiba ang kalagayan ng inyong anak, humingi ng tulong at simulan ang CPR ayon sa nakikita sa kaliwa.
※**Gawin ito sa ibabaw ng matigas na sahig.**

I-press nang malakas hanggang sa 1/3 ng lalim ng dibdib, ang gitna ng dalawang nipple na kaunting nasa panig ng paa.
Sa bilis na 100 - 120 beses bawat minuto.
Para sa sanggol, mag-press nang mabuti gamit ang dalawang pulso.
(OK din sa isang kamay lang kung nakakapag-press nang mabuti)






**Ulitin ito hanggang sa iiyak siya o palitan kayo ng paramedic**

## Para iwasan ang shaken baby syndrome

Ang infant shaking syndrome ay isang kondisyon kung saan matinding inuuga ang buong katawan ng isang sanggol mga tatlo hanggang limang beses bawat segundo, na naging sanhi ng concussion. Mapipinsala ang utak, nerve, retina, atbp, at maiiwan ang malubhang kapansanan o makakaapekto pa sa buhay

## Para iwasan ang sudden infant death syndrome

Ang sudden infant death syndrome (SIDS) ay isang sakit na ang malakas na sanggol ay biglang mamatay habang natutulog, na hindi dahil sa aksidente o pagkasakal.

⇒ Iwasan na matulog ang sanggol na nakadapa.

Huminto sa paninigarilyo.

# Hokenshitsu ng Komunidad

## Ano ang ginagawa ng Hokenshitsu ng Komunidad?

✿Pangkalahatang konsultasyon (Malayang kumonsulta para sa pagpapalaki!)

✿Pagsukat ng timbang at taas ng sanggol

✿Pakikipag-ugnayan sa lokal na Kosodate Hiroba at Nakayoshi Hiroba ng bawat childcare center

✿Pakikipag-ugnayan sa nurse at midwife ng Health and Childcare Room, atbp.

※May panahon na walang tao sa loob dahil sa pagdalaw sa bahay.

Lunes: 9:00 a.m. ~ 5:00 p.m.

Ginagawa nito ang pag-iinterbyu sa telepono, pagdalaw sa bahay, at pagtanggap dito.



Available din dito ang "libreng supot para sa diaper".

| Area | Postal code | Address | Numero ng telepono | Email address |
|---|---|---|---|---|
| Nabari | 518-0710 | 1321-1 Kamihatcho, Nabari City (sa loob ng Nabari Civic Center) | 0595- 63-5699 | ho-nabari@emachi-nabari.jp |
| Konodai, Kiodai | 518-0701 | 1-2 Konodai, Nabari City (sa loob ng Chuo Yumezukurikan sa 1F ng Nabari City Disaster Prevention Center) | 0595- 63-0805 | ho-kouki@emachi-nabari.jp |
| Kuramochi | 518-0752 | 319-1 Kuramochicho Harade, Nabari City (sa loob ng dating Iga Southern Agricultural Cooperative Kuramochi Branch) | 0595- 63-6371 | ho-kuramochi@emachi-nabari.jp |
| Umegaoka | 518-0745 | 5-184 Umegaoka Minami, Nabari City (sa loob ng Umegaoka Civic Center) | 0595- 61-3770 | ho-ume@emachi-nabari.jp |
| Komohara | 518-0606 | 1607 Komoo, Nabari City (sa loob ng Komohara Civic Center) | 0595- 63-6400 | ho-komoo@emachi-nabari.jp |
| Mihata | 518-0616 | 229-3 Mihatachominami Nishihara, Nabari City (sa loob ng Mihata Civic Center) | 0595- 65-5800 | ho-mihata@emachi-nabari.jp |
| Hinachi | 518-0413 | 1768 Shimohinachi, Nabari City (sa loob ng Hinachi Civic Center) | 0595- 68-1278 | ho-hinachi@emachi-nabari.jp |
| Suzurandai | 518-0403 | 3-220 Suzurandai Higashi, Nabari City (sa loob ng Suzurandai Civic Center) | 0595- 68-5700 | ho-suzuran@emachi-nabari.jp |
| Tsutsujigaoka | 518-0435 | 5-73-2 Tsutsujigaoka Kita, Nabari City (sa loob ng Tsutsujigaoka Civic Center) | 0595- 68-7800 | ho-tsutsuji@emachi-nabari.jp |
| Nishikio | 518-0737 | 2118 Abeta, Nabari City (sa loob ng Nishikio Civic Center) | 0595- 63-2571 | ho-nishikio@emachi-nabari.jp |
| Akame | 518-0465 | 238-1 Akamecho Joroku, Nabari City (sa loob ng Akame Civic Center) | 0595- 63-1381 | ho-akame@emachi-nabari.jp |
| Minowa | 518-0441 | 215 Natsumi, Nabari City (sa loob ng Minowa Civic Center) | 0595- 63-1073 | ho-minowa@emachi-nabari.jp |
| Yurigaoka | 518-0485 | 5-13 Yurigaoka, Nabari City (sa loob ng Yurigaoka Civic Center) | 0595- 64-8600 | ho-yuri@emachi-nabari.jp |
| Kunitsu | 518-0501 | 1418 Nagase, Nabari City (sa loob ng dating Nagase Childcare Center) | 0595- 69-1718 | ho-kunitsu@emachi-nabari.jp |
| Kikyogaoka | 518-0625 | 5-12-10 Kikyogaoka, Nabari City (sa loob ng Kikyogaoka Minami Civic Center) | 0595- 65-1299 | ho-kikyo@emachi-nabari.jp |